



Paggamit sa Iyong Go Card: Isang Step-by-Step na Gabay

Ipinapakita sa iyo ng gabay na ito kung paano gamitin ang iyong Go Card para magdagdag ng mga pondo sa iyong Clipper Card, FasTrak account, at iba pang serbisyo sa transportasyon.

Mga Nilalaman

Mga Tanong tungkol sa Prepaid Card	1
Paano Magdagdag ng Mga Pondo ng Go Card sa Iyong Clipper Card	3
Paggamit sa Iyong Go Card sa Iyong FasTrak Account	6
Paggamit sa Iyong Go Card sa Paratransit	7

Mga Tanong tungkol sa Prepaid Card

Ipinapamahagi ang mga pondo para sa Programa ng Go Card sa pamamagitan ng Akimbo Now Prepaid Mastercard. Puwede kang pumili sa dalawang opsyon:

- Virtual na Prepaid Card – Idine-deliver kaagad sa pamamagitan ng email. Gamitin online o magdagdag sa iyong mobile wallet para sa mga pagbili sa personal.
- Pisikal na Prepaid Card – Ipinapadala sa pamamagitan ng standard na koreo ng USPS. Posibleng abutin nang hanggang 10 araw ng negosyo bago dumating.

Kailan Ko Matatanggap ang Aking Card?

- Virtual na Card – Ipinapadala sa iyong email ilang sandali pagkatapos maaprubahan.
- Pisikal na Card – Umaabot nang 1–2 araw ng negosyo ang pagproseso. Kapag na-ship na, maglaan ng 7–10 araw ng negosyo para sa delivery.

Kung hindi mo pa natatanggap ang iyong card pagkatapos ng timeframe na ito, makipag-ugnayan sa Suporta sa Customer ng Usio.

Pagkawala, Pagkasira, o Mga Isyu sa Transaksyon



Kung nawala, nasira, o na-decline ang iyong card, o kung makaranas ka ng mga isyu sa transaksyon (gaya ng mga hindi awtorisadong singil, hindi pagkakaunawaan, o pagsasauli), makipag-ugnayan sa Suporta sa Customer ng Usio.

Maghandang ibigay ang:

1. Buong pangalan
2. Mailing address
3. Pangalan ng Programa
4. Email na ginagamit para sa iyong Go Card account

Suporta sa Customer ng Usio

- Email: cs@akimbocard.com
- Telepono: (855) 449-2273
- Live Chat: Mag-log in sa iyong Akimbo account → kanang sulok sa ibaba → asul na button na 'HELP (TULONG)'
- Bilingguwal na live support: Lunes–Biyernes, 8 a.m. – 8 p.m. ET (maliban sa mga holiday)
- Automated system (24/7): I-activate ang iyong card, tingnan ang mga balanse, suriin ang mga transaksyon, at i-update ang PIN

Pagdaragdag ng iyong Go Card sa iyong mobile wallet

Pisikal na Card

1. Kung pipili ka ng pisikal na card, dapat manual mong irehistro ang iyong card sa [Portal ng Akimbo](#)
2. I-enable ang suporta sa mobile wallet para sa iyong card sa Portal ng Akimbo

Virtual na Card

1. Maghanap ng email ng Insentibo mula sa Akimbo
2. Irehistro ang iyong account at i-activate ang iyong card

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pag-claim, bisitahin ang mga sumusunod na link:

[Virtual na Prepaid Card](#)

[Pisikal na Prepaid Card](#)



Paano Magdagdag ng Mga Pondo ng Go Card sa Iyong Clipper Card

Magagamit ang Go Card para bumili ng bagong Clipper Card at/o mag-reload ng kasalukuyang Clipper Card.

Magagamit mo ang iyong Go Card para magdagdag ng pera o ilang partikular na pass sa iyong Clipper Card. Kapag nagdagdag na ng mga pondo, awtomatikong maa-apply ang iyong Clipper START, Senior, o iba pang diskwento kapag itina-tap mo ang iyong Clipper card habang bumibiyahe.

Magagamit ang iyong Clipper Card para sa mga opsyon sa Micromobility, kasama ang BayWheels at SamTrans Ride Plus.

Mahalagang Impormasyon

1. Walang contactless na pagbabayad ang pisikal na Go Card. Magagamit lang ito kung saan manual na sina-swipe o inilalagay ang mga card. Hindi mo ito magagamit nang direkta sa mga tap to pay na reader ng Clipper.
2. Kung sinusupportahan ng iyong cellphone ang mga contactless na pagbabayad, puwede mong idagdag ang virtual na Go Card sa iyong mobile wallet at i-tap ang iyong telepono sa mga reader ng Clipper.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga Clipper Card, pumunta sa <https://www.clippercard.com/index>

Saan Bibili o Magre-reload ng Clipper Card

Gamit ang iyong Go Card, mayroon kang apat na opsyon para bumili/mag-reload ng Clipper Card:

1. Self-Service na Ticket Machine
2. Habang Bumibiyahe o sa Lokasyong May Tauhan ng Serbisyo sa Customer ng Clipper
3. Tumawag sa Serbisyo sa Customer ng Clipper
4. Mag-load Online sa pamamagitan ng website ng Clipper

Mga Clipper Card na May Diskwento

Kung mayroon ka nang Clipper Card na may diskwento gaya ng Clipper START, Senior, o iba pang kwalipikadong diskwento:



- Puwede kang magdagdag ng ‘halaga sa pera’ sa iyong Clipper Card gamit ang iyong Go Card.
- Kapag sumasakay ka, awtomatikong ina-apply ng Clipper ang iyong pamasaheng may diskwento.
- Dapat mong i-tap ang iyong Clipper Card para matanggap ang diskwento.

Mga Buwanang Pass


- Dapat piliin ang anumang buwanang pass para sa biyahe sa oras ng pag-load.
- Kapag nagdagdag na ng pera bilang halaga sa pera, hindi na ito mababago sa buwanang pass.

Opsyon 1: Self-Service na Ticket Machine

Saan: BART, Caltrain, at iba pang istasyon (para sa higit pang lokasyon:

<https://www.clippercard.com/locations>)

1. Pumunta sa ticket machine at piliin ang Clipper o Add value to Clipper Card (Magdagdag ng halaga sa Clipper Card).
2. I-tap ang iyong Clipper Card sa reader.
3. Pumili ng isa:
 - Halaga sa Pera (magbabayad sa bawat pagsakay), o
 - Buwanang Pass (kung available para sa sistemang iyon ng transportasyon).
4. Piliin ang halaga o ang pass.
5. Magbayad gamit ang iyong Go Card.



Opsyon 2: Sa Biyahe o sa Tanggapan ng Serbisyo sa Customer ng Clipper

Saan: SamTrans, Caltrain, BART, at iba pang istasyon (para sa higit pang lokasyon:

<https://www.clippercard.com/locations>)

1. Sa County ng San Mateo, pumunta sa counter sa serbisyo ng SamTrans/Caltrain.
2. Magpadagdag ng pera o buwanang pass sa iyong Clipper card.
3. Magbayad gamit ang iyong Go Card.

Opsyon 3: Tumawag sa Serbisyo sa Customer ng Clipper (877-878-8883)



Matutulungan ka ng isang ahente ng serbisyo sa customer ng Clipper na magdagdag ng halaga sa pera o bumili ng buwanang pass. Available sila sa mga araw ng trabaho (8 a.m. – 5 p.m.) at Sabado (9 a.m. – 1 p.m.)

1. Tumawag sa (877-878-8883).
2. Piliin ang gustong wika.
3. Sabihing “Kailangan kong i-reload ang aking Clipper Card.”
4. Ilagay ang numero ng iyong Clipper Card.
5. Ibigay ang numero ng Go Card sa iyong card.

Opsyon 4: Mag-load Online

1. Gumawa ng Clipper account [online](#).
2. Idagdag ang iyong Go Card bilang paraan ng pagbabayad.
3. I-set up ang Awtomatikong Pag-reload para awtomatikong maidaragdag ang mga pondo kapag kaunti na lang ang balanse mo.



Paggamit sa Iyong Go Card sa Iyong FasTrak Account

Paano Magdagdag ng Mga Pondo ng Go Card para Magbayad ng Mga Toll sa Express Lane

Magagamit mo ang iyong Go Card para magdagdag ng pera sa iyong FasTrak account. Magagamit ang mga pondong ito para magbayad ng mga toll sa Express Lane kapag bumibiyahe ka sa mga lane.

Bago Ka Magsimula

- Dapat mayroon kang aktibong FasTrak account.
- Dapat maayos na naka-set up ang sasakyan mo sa FasTrak (plaka at, kung kinakailangan, FasTrak Flex switchable transponder).
- Ginagamit lang para sa mga toll at singil na nauugnay sa toll ang mga pondo ng Go Card na idinagdag sa FasTrak.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa FasTrak, pumunta sa

<https://www.bayareafastrak.org/>

Opsyon 1: Mag-load Online

1. Mag-log in sa iyong FasTrak account online.
2. Pumunta sa Payment Methods (Mga Paraan ng Pagbabayad) o Add Funds (Magdagdag ng Mga Pondo).
3. Idagdag ang numero ng iyong Go Card bilang paraan ng pagbabayad.
4. Gumawa ng one-time na pagbabayad o i-set up ang awtomatikong pag-replenish. Kumpirmahin ang iyong pagbabayad.

Opsyon 2: Tumawag sa Serbisyo sa Customer ng FasTrak

1. Tumawag sa Serbisyo sa Customer ng FasTrak (877-229-8655).
2. Magpadagdag ng mga pondo sa iyong account.
3. Ibigay ang iyong Go Card bilang paraan ng pagbabayad.
4. Kumpirmahin ang idaragdag na halaga.

Opsyon 3: Bumisita sa isang Center ng Serbisyo sa Customer ng FasTrak.

1. Pumunta sa isang lokasyon ng Serbisyo sa Customer ng FasTrak. Ibinibigay ng Center ng Serbisyo sa Customer ng SamTrans/Caltrain ang serbisyong ito.



Makakahanap ng iba pang lokasyon sa bayareafastrak.org/en/toll-locations/retailmap.html

2. Magpadagdag ng mga pondo sa iyong FasTrak account.
Magbayad gamit ang iyong Go Card.

Paggamit sa Iyong Go Card sa Paratransit

Paano Magdagdag ng Mga Pondo ng Go Card para sa Redi-Wheels at RediCoast

Magagamit mo ang iyong Go Card para sa Paratransit sa pamamagitan ng SamTrans Mobile App at Ticket Order Form.

Bago Ka Magsimula

- Dapat mag-apply ka para sa Paratransit bago sumakay. Tumawag sa [650-366-4856](tel:650-366-4856) o i-access ang form [dito](#).
- Kung tumatanggap ka ng Supplemental Security Income, General Assistance, o Medi-Cal, posibleng kwalipikado ka para sa Lifeline, ang programa sa mas murang pamasaha. Tumawag sa 650-508-6241 ext. 7 para sa aplikasyon. Dapat isa kang residente ng County ng San Mateo.
- Dapat ipaiskedyul ang mga biyahe nang mas maaga nang hindi bababa sa isang araw.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Paratransit, bisitahin ang:

<https://www.samtrans.com/accessibility/paratransit>


Gabay sa Mga Rider ng Paratransit: <https://www.samtrans.com/media/18512>

Para sa higit pang impormasyon sa pagbili ng mga ticket, bisitahin ang:


<https://www.samtrans.com/fares/how-buy>.

Opsyon 1: Mag-load sa SamTrans Mobile App


1. I-download ang [SamTrans Mobile App](#)
2. Piliin ang Redi-Wheels/RediCoast para sa Mode of Travel (Paraan ng Pagbiyahe)



3. Piliin ang opsyon sa ticket na mainam para sa iyo



4. I-click ang “Add > (Idagdag >)” para idagdag ang Paraan ng Pagbabayad



Place Order

Summary Update >

x1 Redi-Wheels/RediCoast Regular	\$4.25
Subtotal	\$4.25
Total:	\$4.25

Promo Code

Enter Code APPLY


Payment Add >

You have no payment methods.

VISA MASTERCARD

PLACE ORDER

5. Punan ang impormasyon ng card gamit ang impormasyon ng Go Card o i-scan ang iyong Go Card.



Add Card Save

Scan your card

or

Card Number

02/26

MM/YY CVV

Billing Street Address

Zip/Postal

Optional Nickname



Opsyon 2: Punan ang Ticket Order Form

1. I-download ang Ticket Order Form sa <https://www.samtrans.com/media/5406/download>
2. Punan ang form gamit ang iyong impormasyon
3. Piliin ang opsyon sa ticket na mainam para sa iyo
4. Lagyan ng check ang Credit Card para sa Method of Payment (Paraan ng Pagbabayad)
5. Idagdag ang Go Card bilang impormasyon sa pagbabayad
6. Ipakoreo o i-fax ang form (available sa form)

Opsyon 3: Bisitahin ang Transit Ticket Booth

1. Dalhin ang iyong Go Card sa Transit Ticket Booth sa 1250 San Carlos Ave., San Carlos
 - a. Mag-click [dito](#) para sa mga oras na bukas ito
2. Tutulongan ka ng mga ahente ng serbisyo sa customer ng SamTrans na bumili ng mga ticket gamit ang iyong Go Card.